22060228

IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Tuesday 23 May 2006 (afternoon)
Mardi 23 mai 2006 (après-midi)
Martes 23 de mayo de 2006 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sagutin ang* ***isa*** *lamang tanong pangsanaysay. Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang nasa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay ng isang akda mula sa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo o kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi sa kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Magsuri ng dalawa o higit pang nobela mula sa Ikatlong Bahagi ng mga akdang Pilipinong iyong napag-aralan kung saan nangingibabaw ang karakter ng babae o nagbibigay halaga sa kanyang tinig.

*o ito:*

(b) Magtalakay ng dalawa o higit pang nobela mula sa Ikatlong Bahagi na umiikot sa tema ng pagkakasala at paghihiganti o paghahanap ng katarungan.

**Maikling Kwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Magkomento sa sumusunod na pahayag: "Hindi laging kailangang may wakas ang kwento. Mas interesante pa nga kung naiiwan itong bukas para mayroon ding partisipasyon ang mambabasa sa pagbuo nito." Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Sa mga kwentong may malakas na paninindigang pulitikal, may panganib na maging pulitikal na propaganda ang mga ito. Sa iyong palagay at batay sa iyong napag-aralang mga akda mula sa Ikatlong Bahagi, paano napapanatili ng mga may-akda ang pagkasining ng kanilang kwento sa kabila ng pagkakaroon nito ng malakas na pulitikal na paninindigan?

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Bukod sa aksyon at salita, paano nakakatulong ang tagpuan, kasangkapan, kasuotan, musika para lalong lumalim ang iyong pag-unawa sa mga tauhan ng dula? Talakayin ito batay sa dalawa o higit pang dulang iyong nabasa mula sa Ikatlong Bahagi.

*o ito:*

(b) May mga dulang matagal na nananatili sa isip ng manonood pagkatapos na panoorin o basahin ang mga ito. Pumili ng dalawa o higit pang dula mula sa Ikatlong Bahagi at talakayin ang mga partikular na elemento (tauhan, tagpuan, eksena, diyalogo, atbp.) na sa iyong palagay ay nagpatingkad sa dula para hagipin nito ang isip.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Magsuri ng dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi na sa iyong palagay ay nagpapakita sa kahalagahan ng struktura ng tula sa pagpapaunlad ng tema o pagpapaunawa ng kahulugan nito.

*o ito:*

(b) Batay sa dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan, ano sa iyong palagay ang mga mahahalagang katangian ng tula na nagbubukod-tangi at nagpapatingkad sa pagiging anyong pampanitikan nito?

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Maraming tapyas *(facets)* ang katotohanan at nasa anggulo ng pagtingin ng manunulat lumilitaw ang pagkakaiba-iba ng brilyo o katingkaran nito. Magtalakay ng dalawang akda o higit pa mula sa Ikatlong Bahagi na nagpapakita ng iba't ibang mukha ng parehong katotohanan.

*o ito:*

(b) Paghambingin ang isyu ng di pantay na pagtrato sa kasarian *(gender bias)* at ng pagkasensitibo sa kasarian *(gender sensitivity)* sa dalawa o higit pang sanaysay mula sa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) May tanyag na manunulat na nagsabi na ang panitikan ay tungkol sa katotohanan at kailanman hindi ito maaaring pumanig sa kasamaan. Talakayin ang iyong pagsang-ayon o pagsalungat sa pahayag na ito. Ibatay ang iyong sanaysay sa dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi.

*o ito:*

(b) Batay sa dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan, talakayin ang sumusunod na pahayag: "Hindi mahirap maging manunulat sa mga bansang tulad na Pilipinas na sakop ng sinasabing "Ikatlong Daigdig," kung saan ang mga realidad ay kadalasan kagitla-gitla at kamangha-man kung kaya madaling maging laman ng panitikan."

*o ito:*

(c) Gamit ang dalawa o higit pang akda mula sa Ikatlong Bahagi, magkomento sa sumusunod na pahayag: Kung ang kasaysayan ay nagbibigay ng datos tungkol sa mga pangyayari sa nakalipas at ang pahayagan ay nagtatala ng mga kasalukuyang pangyayari, ang panitikan ang nagbibigay buhay sa at nagpapalalim ng kahulugan sa mga pangyayari ng nakalipas at kasalukuyan.

*o ito:*

(d) Sa panitikan, may mga pagkakataong higit na nagpapalinaw sa katotohanan ang pantasya kaysa sa lantaran at realistikong pagsasalaysay. Gaano katotoo ito sa mga akdang iyong nabasa mula sa Ikatlong Bahagi?

---